ANG DIYOS NINA ABRAHAM, ISAAC, AT JACOB

(Sabado—Ikalawang Sesyon sa Umaga)

Mensahe Walo

Ang Proseso ng Paggulang

Babasahin sa Kasulatan: Gen. 47:7, 10; Heb. 6:1; Col. 1:28-29; Efe. 4:14

I. Ang Genesis 37—45 ay isang talâ ng proseso ng paggulang ni Jacob:

A. Sa Genesis 27 ay makikita natin ang isang manununggab; sa kapitulo 37, isang natranspormang tao; at sa katapusan ng kapitulo 45, isang gumulang na tao.

B. Ang matransporma ay ang metabolikong mabago sa ating natural na buhay, samantalang ang gumulang ay ang mapuspos ng dibinong buhay na bumabago sa atin—Heb. 6:1:

1. Ang huling yugto ng transpormasyon ay paggulang, ang kapuspusan ng buhay:
   a. Ang walang hanggang layunin ng Diyos ay maisasakatuparan lamang sa pamamagitan ng ating transpormasyon at paggulang—Gen. 1:26; Col. 1:28; 2:19.
   b. Ang paggulang ay isang bagay ng paulit-ulit na pamamahagi ng dibinong buhay tungo sa loob natin hanggang sa magkaroon tayo ng kapuspusan ng buhay—Juan 10:10.
2. Ang paggulang ay isang bagay ng pagpapalawak ng kapasidad—Awit 4:1:
   a. Ang paggulang sa buhay ay ang kabuoan ng pagtanggap ng disiplina ng Espiritu Santo—Heb. 12:5-11.
   b. Maaaring makita ng iba ang isang tao na gumulang na sa buhay, subalit hindi nila makikita ang naipong disiplina ng Espiritu Santo na natanggap ng taong iyon nang palihim araw kada araw sa buong itinagal ng mga taon—2 Cor. 1:8-10; Gen. 47:7, 10.
3. Soberanong gagamitin ng Diyos ang mga tao, mga bagay, at mga kaganapan upang alisan tayo ng lahat ng bagay na pumupuno sa atin at upang alisin ang bawat kaabalahan nang sa gayon ay magkaroon tayo ng higit na kapasidad upang mapunuan ng Diyos—Luc. 1:53; Mat. 5:6.

C. Inihahayag ng buhay ni Jacob na ang lahat ng bagay na nangyayari sa atin ay nasa ilalim ng pagkasoberano ng Diyos para sa ating transpormasyon at paggulang; walang anumang aksidente *lamang*:

1. Upang maging gumulang, kinailangan munang pagdusahan ni Jacob ang pagkawala ni Jose, ang kayamanan ng kanyang puso—Gen. 37:31-35.
2. Natutuhan ng isang gumulang na mananampalataya na ang Diyos ay maawain at sumasapat sa lahat upang tugunan ang kanyang mga pangangailangan sa bawat uri ng sitwasyon—43:11, 13-14; 17:1; Fil. 1:19-21a; 4:11-12; cf. 1 Tim. 6:6-8.
3. Ang kanyang pagtitiwala at kapahingahan ay lubos na nasa awa ng kanyang sumasapat sa lahat na Diyos, hindi na sa kanyang sarili o sa kanyang abilidad—Roma 9:16.

II. Ang mangingibig ni Kristo sa Awit ng mga Awit 6:13, pagkatapos dumaan sa iba't ibang yugto ng transpormasyon, ay naging, sa paggulang ng buhay ni Kristo, ang Shulamita, ang pagpaparami at duplikasyon ni Kristo upang tumugma sa Kanya para sa kanilang pag-aasawa:

A. Ang *Shulamita* ay ang babaeng anyo ng *Solomon,* nagpapahiwatig na, sa paggulang ng buhay, siya ay naging katulad ni Kristo sa buhay, sa kalikasan, sa kahayagan, at sa pangsyon para sa pagsasakatuparan ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos—b. 13.

B. Ang mangingibig ni Kristo sa Awit ng mga Awit 3 ay umaabot sa isang gumulang na yugto, nagiging isang palangkin, at sa kalaunan ay itinuring ng Panginoon bilang Herusalem—bb. 9-10; 6:4:

1. Naaabot niya ang yugtong ito sa pamamagitan ng pagbabasag ng kanyang natural na tao at sa pamamagitan ng pagsupil sa kanyang pagpapasya—3:6; 4:1, 4.
2. Sa pamamagitan ng kanyang pamumuhay sa pag-akyat sa langit ni Kristo bilang bagong nilikha sa pagkabuhay na muli, ang mangingibig ni Kristo ay gumugulang sa kayamanan ng buhay ni Kristo nang sa gayon siya ay maging ang pagtatayo ng Diyos, ang santuwaryo ng Diyos—6:4.

III. Kailangan nating maranasan ang pag-unlad ng dibinong buhay at ng dibinong kalikasan na nakapaloob sa dibinong binhi na naihasik tungo sa loob natin upang magkaroon tayo ng mayamang pagpasok sa walang hanggang kaharian—2 Ped. 1:1, 4-11:

A. Tayo ay pinaglaanan ng kahanga-hanga, magkakasinghalagang pananampalataya, at ang pananampalatayang ito ay isang nagpapaloob ng lahat na binhi—b. 1; 1 Ped. 1:23:

1. Ang lahat ng dibinong kayamanan ay nasa binhing ito, subalit kailangan nating maging masigasig na paunlarin ang mga ito; ang lumago hanggang sa paggulang ay ang paunlarin kung ano ang mayroon na tayo—2 Ped. 1:1-8; 3:18.
2. Sa pamamagitan ng pagpapaunlad sa mga kagalingang ito, lumalago tayo sa buhay, at sa kalaunan, maaabot natin ang paggulang, magiging punô ng Kristo, at magiging kuwalipikado at nasangkapan upang maging mga hari sa darating na kaharian—Efe. 4:13-15; 2 Ped. 1:11.
3. Kailangan nating magkaroon ng ganap na pag-unlad at paggulang mula sa binhi ng pananampalataya, sa pamamagitan ng mga ugat ng kagalingan at kaalaman, sa punò ng pagpipigil sa sarili, at sa mga sanga ng pagtitiis at pagkamakadiyos, hanggang sa bulaklak at bunga ng pangkapatirang pag-ibig at pag-ibig—bb. 5-7.
4. Ang sukdulang pag-unlad ng dibinong kalikasan sa loob natin ay pag-ibig—*agape,* ang salitang Griyegong ginamit sa Bagong Tipan para sa dibinong pag-ibig, na siyang ang Diyos sa Kanyang kalikasan—b. 7; 1 Juan 4:8, 16:
   a. Kailangan nating hayaan ang dibinong binhi ng inilaang pananampalataya na mapaunlad tungo sa kasukdulan nito sa dibino at mas marangal na pag-ibig—2 Ped. 1:5-7.
   b. Kapag nakikibahagi tayo sa dibinong kalikasan at lumalago sa buhay tungo sa paggulang, napupuspos tayo ng Diyos bilang pag-ibig, at tayo

ay nagiging mga tao ng pag-ibig, maging ang pag-ibig mismo—Efe. 3:19.

B. Dapat tayong maging masigasig na habulin ang paglago, pag-unlad, at paggulang ng dibinong buhay at kalikasan para sa isang mayamang pagpasok sa walang hanggang kaharian—2 Ped. 1:10-11.

IV. Ang kabigatan ni Pablo sa aklat ng Hebreo ay ang dalhin palabas ang mga mananampalataya mula sa paunang yugto ng kaligtasan tungo sa paggulang—5:11—6:5:

A. Ang madala sa paggulang ay ang madala tungo sa salita ng katuwiran hinggil sa makalangit na ministeryo ni Kristo at sa daan ng ekonomiya ng Diyos, ang salita na solidong pagkain—5:12-14; 6:1:

1. Ang aklat ng Hebreo ay isinulat upang dalhin ang mga mananampalataya mula sa mabuting salita hinggil sa makalupang ministeryo ni Kristo patungo sa salita ng katuwiran hinggil sa makalangit na ministeryo ni Kristo at sa gayon ay madala ang mga mananampalataya sa paggulang—1:3; 4:14-16; 6:20; 7:25; 8:1-2.
2. Isinasakatawan ng salita ng katuwiran ang kaisipan ng katarungan at katuwiran ng Diyos at pampamahalaang pagtutuos sa Kanyang bayan—5:13.
3. Ang katuwiran ay isang bagay ng kaharian ng Diyos; ang katuwiran ay naibubunga mula sa Diyos sa Kanyang administrasyon at may kaugnayan sa Kanyang pamahalaan at pamumuno—Mat. 6:33; Awit 89:14; 97:2; Isa. 32:1.

B. Ninanais ng Panginoon na dalhin tayo sa paggulang, subalit kailangan nating makipagtulungan sa Kanyang mabiyayang gawain—Heb. 6:1:

1. Kailangan nating makibahagi kay Kristo sa Kanyang mga naabot—1:9; 3:14.
2. Kailangan nating maging masigasig na pumasok tungo sa natitira pang Sabbath na kapahingahan—4:9, 11.
3. Kailangan nating lumapit sa trono ng biyaya upang tumanggap ng awa at makasumpong ng biyaya—b. 16.
4. Kailangan nating kumain ng solidong pagkain upang tamasahin si Kristo bilang ang Mataas na Saserdote ayon sa orden ni Melquizedek—5:9-10, 14.

V. Ang gol ng ministeryo ni Pablo ay ang iharap na gumulang, ganap nang lumago, sa loob ni Kristo ang bawat tao para sa isang bagong tao—Col. 1:28-29; 3:10-11:

A. Ang salitang Griyego na isinaling “ganap nang lumago” sa Colosas 1:28 ay maaari ding isaling “sakdal”, “kumpleto,” o “gumulang.”

B. Ang ministeryo ni Pablo ay ang ipamahagi si Kristo tungo sa iba upang sila ay maging sakdal at kumpleto sa pamamagitan ng paggulang sa loob ni Kristo tungo sa ganap na paglago.

C. Para sa isang bagong tao ay kailangan nating magpagal at magsumikap na iharap na ganap nang lumago sa loob ni Kristo ang lahat ng mananampalataya, inihahain si Kristo bilang buhay sa kanila upang makapamuhay sila sa pamamagitan Niya at lumagong kasama Siya tungo sa paggulang—3:4; 2:19.

D. Ang ating gol sa pangangaral ng ebanghelyo sa mga makasalanan at sa pakikipagsalamuha sa mga banal ay ang ihain si Kristo tungo sa kanila upang lumago sila sa buhay at maiharap na ganap nang lumago sa loob Niya; ito ay para sa paglago ng bagong tao—3:10-11; Efe. 4:13-14.

E. Upang maging ang isang bagong tao sa realidad at praktikalidad, kailangan nating lumago tungo kay Kristo sa lahat ng bagay—bb. 15-16, 24:

1. Kapag lumago tayo tungo kay Kristo sa lahat ng bagay, hindi na tayo magiging iba't ibang uri ng tao; sa halip, kusang-kusa nating kukunin si Kristo bilang ating persona at ating buhay—Col. 3:4, 10-11; Efe. 3:17.
2. Kapag lumago tayo tungo kay Kristo sa lahat ng bagay upang maging isang ganap na lumagong tao, tayong lahat ay magiging isa sa loob ni Kristo; ito ang pansansinukob na isang bagong tao para sa katuparan ng walang hanggang layunin ng Diyos—b. 11; 4:13-14, 24; Gen. 1:26.

© 2026 Living Stream Ministry